


# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Unang Markahan – Modyul 9: Kasaysayan ng Wikang Pambansa



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang ilipino**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Unang Markahan – Modyul 9: Kasaysayan ng Wikang Pambansa**  
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

<b>Manunulat:</b>	Charles D. Lota
<b>Editor:</b>	Jonathan F. Bernabe
<b>Tagasuri:</b>	Perlita E. Dela Cruz, Elisa N. Lajera, Melanie H. Grita, Kristine Rae C. de Ramos, Julie Anne V. Vertudes
<b>Tagaguhit:</b>	Romdel F. Partoza
<b>Tagalapat:</b>	Leonila L. Custodio, Eris R. dela Cruz
<b>Tagapamahala:</b>	Wilfredo E. Cabral Job S. Zape, Jr. Eugenio S. Adrao Elaine T. Balaogan Fe M. Ong-ongowan Rommel C. Bautista Galileo L. Go Randy D. Punzalan Elpidia B. Bergado Noel S. Ortega Maribeth C. Rieta Leonila L. Custodio Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal  
Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487  
E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon at  
Pananaliksik sa Wika at  
Kulturang Pilipino  
Unang Markahan – Modyul 9:  
Kasaysayan ng Wikang Pambansa**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**


Ang modyul na ito ay ginawa at sinulat para sa iyo bilang isang mag-aaral. Ito ay makatutulong upang matutuhan ang *Kasaysayan ng Wikang Pambansa*. Ang sakop ng modyul ay magagamit ng mag-aaral sa ano mang kalagayan. Ang mga salitang ginamit dito ay angkop sa lebel ng pag-unawa ng mag-aaral na naaayon sa pamantayan nito.

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

- Natutukoy ang mga pinagdaanang pangyayari/kaganapan tungo sa pagbuo at pag-unlad ng wikang pambansa **(F11PS – Ig – 88)**

### **Layunin:**

- Natutukoy ang mga mahahalagang pangyayari sa wika mula sa panahon ng Kastila hanggang sa kasalukuyan, ang mga Kautusan, Proklamasyong pinaiiral sa pagpapaunlad ng Wikang Pambansa: Tagalog/Pilipino/Filipino.
- Nakikilala ang panahong kaganapan sa pagbuo at pag-unlad ng wikang pambansa.
- Mapahalagahan pag-aaral ng kasaysayan ng wikang pambansa sa pamamagitan ng pagbuo ng talata.



## **Subukin**

Panuto: Tukuyin ang mga mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa kasaysayan ng Wikang Pambansa. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Dito nagsimulang manamlay ang wikang Tagalog.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
2. Ito ang panahong ginamit ang wikang rehiyunal bilang wikang pantulong.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
3. Ginamit ang alpabetong Romano bilang unang hakbang tungo sa pormalisasyon ng mga wika sa Pilipinas.
  - A. panahon ng Pangkasalukuyan
  - B. panahon ng Amerikano
  - C. panahon ng Hapon
  - D. panahon ng Kastila
4. Nagkaisa ang mga paring dayuhan na mag-aral ng mga katutubong wika.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
5. Nagsimula ang paggamit ng wikang Tagalog ng mga Propagandista sa pagsulat ng pahayagan.
  - A. panahon ng Republika
  - B. panahon ng Komonwelt
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Espanyol
6. Isang proklamasyon kung saan inilahad ang paglilipat ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa Agosto 13-19 bilang kapanganakan ni Manuel Luis Quezon.
  - A. Proklamasyon Blg. 12
  - B. Proklamasyon Blg. 186
  - C. Proklamasyon Blg. 1041

- D. Proklamasyon Blg. 570
7. Sa Proklamasyon Blg. na ito ipinag-utos ni Pangulong Ramon Magsaysay ang pagkakaroon ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika mula Marso 29-Abril 4.
- A. Proklamasyon Blg. 1041
  - B. Proklamasyon Blg. 186
  - C. Proklamasyon Blg. 570
  - D. Proklamasyon Blg. 12
8. Nilagdaan at ipinalabas ni Pangulong Fidel Ramos ang Proklamasyon Blg. na ito na ang buwan ng Agosto ang Buwan ng Wika.
- A. Proklamasyon Blg. 1041
  - B. Proklamasyon Blg. 570
  - C. Proklamasyon Blg. 186
  - D. Proklamasyon Blg. 12
9. Ayon sa Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, anong seksyon ang nagsasabing ang Filipino ang Wikang Pambansa ng Pilipinas?
- A. Seksyon 2
  - B. Seksyon 6
  - C. Seksyon 11
  - D. Seksyon 12
10. Sa kautusang ito, inihayag ang pagtuturo ng wikang pambansa (Tagalog) sa mga pampaaralang pampubliko at pribado simula Hunyo 19, 1940
- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
11. Ipinahayag sa kautusang ito na Tagalog ang siyang magiging batayan ng Wikang Pambansa sa Pilipinas.
- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 87
12. Sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. na ito, binigyang-pahintulot sa paglimbag ng isang diksyunaryo at balarila ng wikang pambansa at itinagubilin din ang pagtuturo ng Wikang Pambansa sa mga paaralan pambayan man o pribado.
- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 87
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263

13. Nilagdaan ni Pangulong Diosdado Macapagal ang Kautusan Blg. na ito na nag-uutos na awitin ang Pambansang Awit sa titik nitong Pilipino.
- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 87
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263
14. Sa Kautusang Pangkagawaran Blg. Na ito nilagdaan ni Kalihim Alejandro Roces at nag-utos na simulan sa taong-pampaaralan 1963-1964 ang mga sertipiko at diploma ng pagtatapos ay ipalimbag na sa wikang Filipino.
- A. Kautusang Pangkagawaran Blg. 7
  - B. Kautusang Pangkagawaran Blg. 24
  - C. Kautusang Pangkagawaran Blg. 25
  - D. Kautusang Pangkagawaran Blg. 54
15. Ang paggamit ng katagang Filipino sa pagtukoy sa Wikang Pambansa ng Pilipinas ay nilagdaan ni Kalihim Lourdes Quisumbing ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports sa Kautusang Pangkagawaran blg. na ito
- A. Kautusang Pangkagawaran Blg. 7
  - B. Kautusang Pangkagawaran Blg. 24
  - C. Kautusang Pangkagawaran Blg. 25
  - D. Kautusang Pangkagawaran Blg. 203



## Aralin

# 1

# Kasaysayan ng Wikang Pambansa

Ang araling ito ay makatutulong sa mga mag-aaral upang matukoy ang kasaysayan ng wikang pambansa. Bago ipagpatuloy ang pagtalakay sa paksa ay sagutan mo muna ang mga susunod na gawain.



## ***Balikan***

Ipaliwanag:

Bakit mahalagang maunawaan ang gamit ng wika batay sa iba't ibang sitwasyon? Pangatwiranang ang iyong sagot. Isulat sa iyong papel.

---

---

---

---

---



### ***Mga Tala para sa Guro***

Basahing mabuti ang panuto sa bawat bahagi ng modyul. Tiyaking nakasusunod sa bawat gawain upang matamo ang layunin nito.



## **Tuklasin**

Pagtapatin ang wika at taon kaugnay ng kasaysayan ng wikang pambansa. Pagkatapos ay ibigay ang iyong hinuha kung ano ang mga pangyayaring may kaugnayan sa kasaysayan ng wika sa iba't ibang taon.

- |             |         |
|-------------|---------|
| 1. Tagalog  | A. 1959 |
| 2. Pilipino | B. 1987 |
| 3. Filipino | C. 1937 |

### **1937**

---

---

---

---

---

### **1959**

---

---

---

---

---

### **1987**

---

---

---

---

---



## ***Suriin***

### **Kasaysayan ng Wika sa Iba't ibang Panahon**

#### **Panahon ng Espanyol**

Ang isinasaalang-alang na ang unang pananakop ng mga Espanyol sa ating kapuluan ay ang pananatili rito ni Miguel Lopez De Legaspi noong 1565. Siya ang kauna-unahang Espanyol na gobernador-heneral sa Pilipinas. Kalaunan napasailalim naman ang kapuluan sa pamumuno ni Villalobos na nagbigay ng ngalang Felipinas bilang parangal sa Haring Felipe II na naunang namuno noong panahong iyon. Naging Filipinas ang Felipinas dahil sa maling pagbigkas ng mga tao rito.

Ayon sa mga Espanyol, nasa kalagayang barbariko, di-sibilisado o pagano ang mga katutubo noon. Itinuro nila ang Kristiyanismo sa mga katutubo upang maging sibilisado diumano ang mga ito. Naniniwala ang mga Espanyol noong mga panahong iyon na mabisa ang paggamit ng katutubong wika sa pagpapatahimik sa mamamayan kaysa sa libong sundalong Espanyol. Hinati-hati sa apat na ordeng misyonerong Espanyol ang pamayanan kaya't ito'y nagkaroon ng malaking epekto sa pakikipagtalastasan ng mga katutubo.

Upang mas maging epektibo ang pagpapalaganap ng Kristiyanismo, ang mga misyonerong Espanyol ay nag-aral ng wikang katutubo upang madaling matutunan ang wika ng isang rehiyon kaysa sa ituro sa lahat ang wikang Espanyol. Mas magiging kapani-paniwala kung ang mismong banyaga ang nagsasalita ng wikang katutubo. Dahil dito, ang mga prayle ay nagsulat ng mga diksyunaryo at aklat-panggramatika, katekismo at mga kumpensyonal para mas mapabilis ang pagkatuto nila ng katutubong wika. Sa panahong ding ito napalitan ang “alibata” ng alpabetong Romano na binubuo ng 29 na titik.

A, B, C, D, E, F, G, H, I, J, K, L, LL, M, N, Ñ, O, P, Q, R, RR, S, T, U, V, W, X, Y, Z
---

Sa panahon ng pananakop ng mga Espanyol sumibol ang mga Propagandista. Ito ang panahon kung saan namulat ang makabayang damdamin ng mga Pilipino. Sa pamumuno nina Jose P. Rizal, Marcelo H. Del Pilar, Antonio Luna, at Graciano Lopez Jaena, ginamit ang wikang Tagalog sa pagsulat sa mga pahayagan ng mga akdang pampanitikan.

### **Panahon ng Amerikano**

Nang sakupin ng Amerikano ang Pilipinas, sa simula ay dalawa ang wikang ginagamit ng mga bagong mananakop sa mga kautusan at proklamasyong Ingles at Espanyol. Sa kalaunan napalitan ng Ingles ang Espanyol bilang wikang opisyal. Dumami ang natutong bumasa at magsulat sa wikang Ingles dahil ito ang naging wikang panturo sa rekomendasyon ni Komisyonang Schurman noong Marso 4, 1899 habang pantulong naman ang wikang rehiyonal.

Noong Marso 24, 1934, pinagtibay ni Franklin Roosevelt ang Batas Tydings McDuffie na nagtatadhanang pagkalooban ng kalayaan ang Pilipinas matapos ang 10 taong pag-aaral ng Pamahalaang Komonwelt.

### **Panahon ng Komonwelt/Malasariling Pamahalaan**

Sa panahong ito masasabing may puwang na sa pamahalaan ang pagtukoy ng wikang pambansa. Isinasaad sa Saligang Batas 1935 (Artikulo XIV, Sek.3) na:

*Ang Kongreso ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagkakaroon ng isang wikang pambansa na ibabatay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika. Hangga't itinatadhana ng batas, ang Ingles at Espanyol ay patuloy na magiging wikang opisyal.*

Sa panahon ding ito nabuo ang Surian ng Wikang Pambansa (SWP) sa pamamagitan ng Batas Komonwelt Blg. 184. At bilang tugon, humirang si Pang. Quezon ng mga kagawad na bubuo sa SWP. Batay sa isinagawang pag-aaral inirekomenda ng lupon ng SWP na ibatay sa Tagalog ang wikang pambansa at inaprubahan ito.

Gayundin, sa panahong ito, ipinasok na rin sa mga kurikulum ang pagtuturo ng wikang pambansa.

### **Panahon ng Hapon**

Nang lumunsad sa dalampasigan ng Pilipinas ang mga Hapon noong 1942, nabuo ang isang grupong tinatawag na “purista” Sila ang nagnanais na gawing Tagalog na mismo ang maging wikang pambansa at hindi na batayan lamang. Malaking tulong ang ginawang pananakop ng mga Hapon sa kilusang nabanggit. Ayon kay Prof. Leopoldo Yabes, ang pangangasiwa ng Hapon ang nag-utos na baguhin ang probisyon sa konstitusyon at gawing Tagalog ang pambansang wika. Sa layunin ng mga Hapon na burahin sa mga Pilipino ang anumang kaisipang pang-Amerika at mawala ang impluwensya ng mga ito kaya Tagalog ang kanilang itinaguyod. Nang panahong iyon, Niponggo at Tagalog ang naging opisyal na mga wika. Sa panahong ito namulaklak ang Panitikang Tagalog sapagkat maraming manunulat sa Ingles ang gumamit ng Tagalog sa kanilang tula, maikling kuwento, nobela at iba pa.

### **Panahon ng 1987 hanggang sa Kasalukuyan**

Sa panahong ito, pinagtibay ang bagong Konstitusyon ng Pilipinas. Mula sa dating katawagang Pilipino ay naging Filipino ang Wikang Pambansa. Ayon sa Saligang Batas ng 1987, Sek. 7:

*Ukol sa layunin ng komunikasyon at pagtuturo,  
ang wikang opisyal ng Pilipinas ay Filipino at  
hangga't walang itinatadhana ang batas, Ingles.*

*Ang mga wikang panrehiyon ay pantulong  
na mga wikang opisyal sa mga rehiyon at magsisilbi  
na pantulong na mga wikang panturo roon. Dapat ay  
itaguyod ng kusa at opsyonal ang Kastila at Arabic.*

Noong Enero 30, 1987, nagpalabas ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 112 si Pangulong Corazon Aquino, Ipinailalim ang Surian ng Wikang Pambansa sa Kagawaran ng Edukasyon, Kultura, at Isports. Binago rin ang pangalan ng ahensiya bilang Linangan ng mga Wika ng Pilipinas o Institute of Languages.

Samantala, noong Marso 19, 1990, bisa ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 21, pinalabas ni Kalihim Isidro Cariño ng DECS na na gamitin ang Filipino sa pagbigkas ng panunumpa sa katapatan ng Saligang Batas at sa bayan.

Agosto 14, 1991 naman, ang Republic Act Blg. 7104 ay nilagdaan ni Pangulong Corazon Aquino bilang pagsunod sa itinatadhana ng Konstitusyon. Nakasaad din na ang dating Linangan ng mga Wika sa Pilipinas ay tatawaging Komisyon sa Wikang Filipino at ipaiilalim sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas.

Nagpalabas ang Komisyon sa Wikang Filipino ng resolusyon noong 1992. Ang Resolusyon Blg. 1-92(Mayo 13) na sinusugan naman ng Resolusyon Blg. 1-96 (Agosto 1996) hinggil sa iba't ibang sangay/tanggapan ng pamahalaan at sa mga paaralan na magsagawa ng mga gawain kaugnay sa taunang pagdiriwang tuwing buwan na ito. Malaking kasangkapan ng pag-unlad ng Filipino ang mga wikang katutubo, kung saan maraming hiram na salita sa mga ito.

Noong 2001, tungo sa mabilis na istandardisasyon at intelektwalisasyon ng wikang Filipino, ipinalabas ng Komisyon ng Wikang Filipino ang 2001 na *Revisyon sa Alpabeto at Patnubay sa Ispeling ng Wikang Filipino* (Kautusang Pangkagawaran blg. 45). Walang naganap na pagbabago sa mga alpabeto ngunit may mga tuntuning binago hinggil sa paggamit ng walong (8) dagdag na letra.

Nagkaroon ng ilang usapin at kalituhan sa tamang paggamit ng Wikang Filipino dahil sa dami ng elementong taglay nito, bagay na ginawa ng solusyon ng Komisyon ng Wikang Filipino sa pagtataguyod nito ng Gabay sa Ortograpiya ng Wikang Pambansa.


Nagpalabas ang Kagawaran ng Edukasyon noong 2009 ng Ordinansa Blg. 74 na isinasainstitusyon ang gamit ng Inang Wika Elementarya at Multilingual Language Education (MLE). (Nauna rito, may inilahad ng bersyon ang Ikalabing-apat na Kongreso ng Mababang Kapulungan na House Bill No. 3719, “*An Act Establishing a Multilingual Education and Literacy Program and for Other Purposes*” sa pamamagitan ni Honorable Magtanggol T. Gunigundo ng Valenzuela City.

Ang Kagawaran ng Edukasyon ay nagpalabas ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 34, s. 2013 ng dagliang Ortograpiyang Pambansa na binuo ng Komisyon sa Wikang Filipino.

### **Ilang Batas, Kautusan, Proklamasyong Pinairal sa Pagpapaunlad ng Wikang Pambansa: Tagalog/Pilipino/ Filipino**

- **Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134 (1937)**- ipinahayag na ang Tagalog ang siyang maging batayan ng wikang pambansa sa Pilipinas
- **Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263 (Abril 1, 1940)**- isinaad ang pagpapalimbag ng “A Tagalog-English Vocabulary” at “Ang Balarila ng Wikang Pambansa”. Inihayag din ang pagtuturo ng wikang pambansa (Tagalog) sa mga paaralang pampubliko at pribado simula Hunyo 19, 1940.
- **Batas ng Komonwelt Blg. 570**- Ipinahayag na isa sa wikang opisyal ang wikang pambansa (Tagalog) simula Hulyo 4, 1946.
- **Proklamasyon Blg. 12**- Ipinalabas noong Marso 26, 1954 ni Pangulong. Ramon Magsaysay ang pagkakaroon ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika mula Marso 29- Abril 4 (kapanganakan ni Francisco Balagtas.)
- **Proklamasyon Blg. 186 (1955)**- Inilahad ang paglilipat ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa Agosto 13-19 (kapanganakan ni Manuel L. Quezon).
- **Kautusang Pangkagawaran Blg.7**- Ipinalabas noong Agosto 13, 1959 ng noo’y Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon na si Jose E. Romero na nag-atas na tawagin ang wikang pambansa na Pilipino.
- **Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60 (1960)** – nilagdaan ng Pangulong Diosdado Macapagal na nag-uutos na awitin ang Pambansang Awit sa titik nitong Pilipino.
- **Kautusang Pangkagawaran Blg. 24 (1962)** – Nilagdaan ni Kalihim Alejandro Roces at nag-utos na simulan sa taong-aralan 1963-1964 ang mga sertipiko at diploma ng magtatapos ay ipalimbag sa Wikang Pilipino.
- **Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96 (1967)** – nilagdaan ng Pangulong Marcos at nagtadhana na ang lahat ng edipisyo, gusali at tanggapan ng pamahalaan ay pangalanan sa Pilipino.

- **Kautusang Tagapagpaganap Blg. 187 (1969)** – nilagdaan ng Pangulong Marcos at nag-utos sa lahat ng kagawaran, kawanihan at tanggapan at iba pang sangay ng pamahalaan na gamitin ang Wikang Filipino hangga’t maaari sa Linggo ng Wikang Pambansa at pagkaraan man nito sa lahat ng opisyal na komunikasyon at transaksyon.
- **Kautusang Pangkagawaran Blg. 25 (1974)** – Nilagdaan ni Kalihim Juan Manuel na itinagubilin sa mga guro ang mga bagong tuntunin sa Ortograpiyang Pilipino ang pagpapairal ng Edukasyong Bilinggwal sa mga paaralan simula sa taong panuruan 1974-9175.
- **Kautusang Pangkagawaran Blg. 203 (1978)** – Paggamit ng katagang Filipino sa pagtukoy sa wikang pambansa ng Pilipinas. Nilagdaan ni Kalihim Lourdes Quisumbing ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports.
- **Saligang-Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 6-** Itinalaga na Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas. “Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Samantalang nililinaang ito ay dapat na payabungin at pagyamanin pa salig sa umiiral na wika sa Pilipinas at iba pang mga wika.
- **Kautusang Pangkagawaran Blg. 52 (1987)-** Panuntunan ng implementasyon ng patakaran sa Edukasyong Bilinggwal 1987.
- **Proklamasyon Blg. 1041 (1997)** – Nilagdaan at ipinalabas ni Pangulong Fidel V. Ramos na nagtakda na ang buwan ng Agosto, ang Buwan ng Wikang Pambansa.



## Pagyamanin

**Pagsasanay 1:** Bumuo ng Timeline ng maikling kasaysayan ng wikang pambansa. Gamit ang mga salita sa loob ng kahon sa ibaba, iugnay ang mga ito ayon sa panahong nakalaan sa bawat larawan.

The diagram shows a central vertical timeline line. On the left side, there are two boxes. The top box contains the flag of Spain and a map of the Philippines. The bottom box contains the flag of Japan and a map of the Philippines. On the right side, there is one box containing the flag of the United States and a map of the Philippines. Below each box are three horizontal lines for writing.



<b>Panahon ng Pananakop ng mga Kastila</b>	<b>Panahon ng Amerikano</b>	<b>Panahon ng Hapon</b>
1.	3.	5.
2.	4.	6.

- |   |   |
|---|---|
| <p>A. Miguel Lopez De Legaspi<br/>         B. Biak- na -Bato<br/>         C. Prof. Leopoldo Yabes</p> | <p>D. Batas Tydings McDuffie<br/>         E. Haring Felipe II<br/>         F. Tagalog</p> |
|---|---|

**Pagsasanay 2:** Hanapin sa Hanay B ang mga kautusan, proklamasyon at batas na tinutukoy sa Hanay A. Letra lamang ang isulat sa sagutang-papel.

**Hanay A**

1. Ipinahayag na ang Tagalog ang siyang magiging batayan ng wikang pambansa sa Pilipinas.
2. Nilagdaan ng Pangulong Marcos at nagtadhana na ang lahat ng edipisyo, gusali at tanggapan ng pamahalaan ay pangalanan sa Filipino.
3. Nilagdaan ni Kalihim Alejandro Roces at nag-utos na simulan sa taong-aralan 1963-1964 ang mga sertipiko at diploma ng magtatapos ay ipalimbag na sa Wikang Filipino.
4. Ipinahayag na isa sa wikang opisyal ang wikang pambansa (Tagalog) simula Hulyo 4,1946.
5. Inilahad ang paglilipat ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa Agosto 13-19 sa kapanganakan ni Manuel L Quezon.

**Hanay B**

- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
- B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
- C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134
- D. Proklamasyon Blg. 186
- E. Batas ng Komonwelt Blg. 570
- F. Kautusang Pangkagawaran Blg. 24

**Pagsasanay 3:** Bumuo ng isang maikling talata tungkol sa kasaysayan ng wikang pambansa gamit ang mga susing salita na nasa ibaba.

Di-sibilisado	Saligang Batas 1987	Panitikang Tagalog
Kristyanismo	Komisyonang Schurman	Proklamasyon Blg. 186
Diksiyunaryo	Panahon ng Amerikano	Niponggo at Tagalog

---



---



---



---



---



---



---



---

**Rubriks sa Pagwawasto**

<b>Pamantayan</b>	<b>Puntos</b>
Ang paksa ay tumatalakay sa kasaysayan ng wikang Pambansa.	4
Malinaw ang paglalahad at pagpapahalaga sa kasaysayan ng wikang Pambansa.	3
Gumamit ng mga susing salitang may kaugnayan sa kasaysayan ng wika	3
<b>Kabuoan</b>	<b>10</b>



## ***Isaisip***

Sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Sa iyong palagay, ano ang nangyari sa usaping pangwika sa pagpasok ng mga mananakop na Kastila, Amerikano at Hapon? Ipaliwanag.

---

---

---

---

2. Bilang mag-aaral, nakatulong ba ang nangyaring pananakop ng isang bansa sa ating bansa upang magkaroon ng sariling wika? Pangatwiranan.

---

---

---

---


3. Ano ang maaari mong maiambag sa ating bansa upang higit na mapaunlad ang wikang Pambansa?

---

---

---

---



## ***Isagawa***

Bumuo ng sariling opinyon tungkol sa mga balakid na kinaharap sa pagsusulong ng wikang pambansa sa bawat panahon.

Panahon ng Kastila

---

---

---

Panahon ng Amerikano

---

---

---

Panahon ng Hapon

---

---

---




## **Tayahin**

**Panuto:** Tukuyin ang mga mahahalagang pangyayari na may kaugnayan sa kasaysayan ng wikang pambansa. Piliin ang letra ng tamang sagot.

1. Nagkaisa ang mga paring dayuhan na mag-aral ng mga katutubong wika.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
2. Sa Proklamasyon Blg. na ito, inalabas ni Pangulong Ramon Magsaysay ang pagkakaroon ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika mula Marso 29-Abril 4.
  - A. Proklamasyon Blg. 1041
  - B. Proklamasyon Blg. 186
  - C. Proklamasyon Blg. 570
  - D. Proklamasyon Blg. 12
3. Nagsimula ang paggamit ng wikang Tagalog ng mga Propagandista sa pagsulat ng pahayagan.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Espanyol
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
4. Dito nagsimulang manamlay ang wikang Tagalog.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
5. Nilagdaan at ipinalabas ni Pangulong Fidel Ramos ang Proklamasyon Blg. na ito na ang buwan ng Agosto ang Buwan ng Wika.
  - A. Proklamasyon Blg. 1041
  - B. Proklamasyon Blg. 570
  - C. Proklamasyon Blg. 186
  - D. Proklamasyon Blg. 12

6. Ito ang panahong ginamit ang wikang rehiyunal bilang wikang pantulong.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Rebolusyon
  
7. Ginamit ang alpabetong Romano bilang unang hakbang tungo sa pormalisasyon ng mga wika sa Pilipinas.
  - A. panahon ng Hapon
  - B. panahon ng Kastila
  - C. panahon ng Amerikano
  - D. panahon ng Pangkasalukuyan
  
8. Isang proklamasyon kung saan inilahad ang paglilipat ng pagdiriwang ng Linggo ng Wika sa Agosto 13-19 bilang kapanganakan ni Manuel Luis Quezon.
  - A. Proklamasyon Blg. 12
  - B. Proklamasyon Blg. 186
  - C. Proklamasyon Blg. 1041
  - D. Proklamasyon Blg. 570
  
9. Ayon sa Saligang Batas 1987, Artikulo XIV, anong seksyon ang nagsasabing ang Filipino ang wikang pambansa ng Pilipinas?
  - A. Sekyon 2
  - B. Seksyon 6
  - C. Seksyon 11
  - D. Seksyon 12
  
10. Sa Kautusang ito, inihayag ang pagtuturo ng wikang pambansa (Tagalog) sa mga pampaaralang pampubliko at pribado simula Hunyo 19, 1940
  - A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  
11. Nilagdaan ni Pangulong Diosdado Macapagal ang Kautusan Blg. na ito na nag-uutos na awitin ang Pambansang Awit sa titik nitong Pilipino.
  - A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 87
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263

12. Sa Kautusang Pangkagawaran Blg. na ito, nilagdaan ni Kalihim Alejandro Roces at nag-utos na simulan sa taong-paaralan 1963-64 ang mga sertipiko at diploma ng pagtatapos ay ipalimbag na sa wikang Filipino.
- A. Kautusang Pangkagawaran Blg. 7
  - B. Kautusang Pangkagawaran Blg. 24
  - C. Kautusang Pangkagawaran Blg. 25
  - D. Kautusang Pangkagawaran Blg. 54
13. Sa Kautusang Tagapagpaganap Blg. na ito, binigyang-pahintulot sa paglimbag ng isang diksyunaryo at balarila ng wikang pambansa at itinagubilin din ang pagtuturo ng wikang pambansa sa mga paaralan pambayan man o pribado.
- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 87
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 263
14. Ang paggamit ng katagang Filipino sa pagtukoy sa wikang Pambansa ng Pilipinas ay nilagdaan ni Kalihim Lourdes Quisumbing ng Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Sports sa Kautusang Pangkagawaran blg. na ito
- A. Kautusang Pangkagawaran Blg. 7
  - B. Kautusang Pangkagawaran Blg. 24
  - C. Kautusang Pangkagawaran Blg. 25
  - D. Kautusang Pangkagawaran Blg. 203
15. Ipinahayag sa Kautusang ito na Tagalog ang siyang magiging batayan ng wikang pambansa sa Pilipinas.
- A. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 96
  - B. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 134
  - C. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 60
  - D. Kautusang Tagapagpaganap Blg. 87



## ***Karagdagang Gawain***

Sumulat reaksyon na binubuo ng tatlo hangang limang talata hinggil sa kahalagahan ng kasaysayan ng wikang pambansa.

### **Rubriks sa Pagwawasto**

<b>Pamantayan</b>	<b>Puntos</b>
Mabisa at malinaw ang paglalahad ng opinyon sa kasaysayan ng wikang pambansa.	4
Maingat sa pagpili ng salita at wasto ang gramatika	3
Gumamit ng tamang bantas at laki ng titik	3
<b>Kabuoan</b>	<b>10</b>





## Susi sa Pagwawasto

Tayahin	Pagyamanin	Subukin
1. B 2. D 3. D 4. C 5. A 6. C 7. D 8. B 9. B 10. A 11. A 12. B 13. D 14. D 15. B	<b>Pagsasanay 1</b> 1. A 2. E 3. B 4. D 5. C 6. F <b>Pagsasanay 2</b> 1. C 2. A 3. F 4. E 5. D	1. C 2. C 3. D 4. B 5. D 6. B 7. D 8. A 9. B 10. A 11. B 12. D 13. A 14. B 15. D

## **Sanggunian**

- Alcaraz, C., Austria, R. et al. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik para sa Senior High School*. Cubao, Quezon City: Educational Resources Corporation.
- Cantillo, M.L. et.al. 2016. *Sikhay: Aklat sa Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino para sa Ika-11 Baitang*. Quezon City. St. Bernadette Publishing House Corporation.
- Catacataca P., Espiritu, C. 2005. *Wikang Filipino: Kasaysayan at Pag-unlad*. Manila: Rex Book Store.
- Jocson, Magdalena O. 2016. *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Quezon City: Vibal Group, Inc.
- Santiago, Erlinda M. et.al. 1989. *Panitikang Filipino Kasaysayan at Pag-unlad Pangkolehiyo*. Manila: National Book Store.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)